

# 1

“Hindi!” Kulang na lang ay matanggal ang ulo ni Xinia dahil sa matigas na pag-iling.

“Pakiusap, anak. Wala na kaming magagawa. Patay na si Don Gilberto at minana na ni Gilbert ang lahat ng ari-arian ng matanda kasama na ang utang natin. Ngayon ay naniningil na siya. Napakalaki ng utang-na-loob natin sa pamilya nila at napakalaki ng naitulong nila sa atin noon. Pero alam mong bagsak pa rin ang kita natin at wala tayong maibabayad sa ating mga utang at malapit nang ilitin ng bangko ang lupa natin kung hindi tayo makakagawa ng paraan,” ani Mercedes, ang kanyang ina.

Gusto niyang matawa at maiyak nang sabay. Her family ranch was in trouble. Sa nakalipas na mga taon ay unti-unting nalulubog sila sa utang, pero kahit papaano ay nakakaahon sila. Ngunit hindi iyon sapat at hindi rin iyon ganoon kabilis. Dalawa lang ang maaaring mangyari, either milagrong makahanap sila ng perang pambayad sa utang o kaya naman ay may maging sobrang interesadong bilhin ang lupain nila. At marami ang naghahangad na makuha ang kanilang rancho. Subalit hindi alam ni Xinia na may

utang pala sila sa mga Enriquez. Ano ba itong sinasabi sa kanya ng mga magulang?

“Alam naming mahirap ang hinihingi namin sa iyo ng mama mo, pero wala na kaming magagawa. Anak, ikaw na lang ang pag-asa namin,” dugtong ni Gener, ang ama niya.

Hindi makapaniwalang nagpalakad-lakad si Xinia sa harapan ng mga magulang. “Hindi ko siya kilala. Hindi ko rin siya mahal at kailanman ay hindi ko pinangarap na makasal dahil lang ako ang kabayaran sa isang pagkakautang. Please, Papa, Mama, gagawa pa ako ng paraan, pero huwag n’yo lang akong pilitin na magpakasal sa kanya.” Pinahid niya ang luhang naglalandas sa mga pisngi niya.

Nag-aapura ang mga magulang na pauwiin siya sa kanilang bayan at ayaw sabihin ng mga ito ang dahilan kaya kinabahan ang dalaga at madaliang kumuha ng leave mula sa pinapasukang opisina. Akala ni Xinia ay may masamang nangyari sa kanyang mga kapatid, pero hindi kailanman pumasok sa isip niya ang napakasamang balita na ito.

Napailing si Gener at napayuko naman si Mercedes na gustong abutin ang umiiyak na anak at yakapin siya.

“Buo na ang pasya ko, Xinia. Magpapakasal kayo ni Gilbert dalawang linggo mula ngayon. At huwag kang mag-alala, kilala namin ang mapapangasawa mo at alam naming mabuti siyang lalaki at magiging maayos ang kinabukasan mo sa kanya,” matigas ang boses na pahayag ng kanyang ama.

Hindi makapaniwalang napailing si Xinia. Hindi niya mapaniwalaang maaari itong gawin sa kanya ng mga magulang. Sa galit ay hinaklit niya ang bag na ibinagsak niya sa sofa pagdating niya kanina saka walang lingon-likod na umalis ng bahay. Nang umuwi siya noong fiesta sa kanilang probinsya ay nagulat pa siya nang datnan niya ang isang di-pamilyar na lalaki sa bahay nila.

Hindi ito ipinakilala sa kanya ng mga magulang, ngunit narinig niya mula sa mga kapatid na iyon si Gilbert Enriquez. His face was handsome but hard—a man’s face, not an inch of boyishness to it. At that time, he was wearing a white shirt that was a third unbuttoned, showing a good amount of his chest; his sleeves were also undone, rolled up to his elbows. His hair curled around his ears, down the back of his neck. And his full lips... Yes, he looked good.

But it didn’t matter how gorgeous the man was, hindi niya gugustuhing matali sa isang relasyong

walang pagmamahal at dahil lang sa pagkakautang kaya sila nagpakasal.

---

Rolling up to Gilbert's sprawling ranch, Xinia was almost overwhelmed by the sheer size of his house. It was massive, a huge building that lacked warmth. The rustic look was just that, a look. It didn't have a feeling of home, it left her feeling cold.

Pagkatapos niyang mag-walk out sa mga magulang ay napagpasyahan niyang puntahan ang lalaki. Kahit sa Maynila na siya nanirahan pagka-graduate ng high school ay alam niya kung saan matatagpuan ang hacienda ni Don Gilberto Enriquez, hindi niya lang talaga kilala ang apo nito. Mabilis siyang kumatok sa main door at nagulat pa siya nang mismong ang lalaki ang nagbukas ng pinto.

“Hey, Xinia! What brought you here?” nakangiting bati nito.

“Hindi ako magpapakasal sa iyo!” walang paligoy-ligoy na tugon niya na matalim ang tingin sa binata.

“Xinia, why don't you sit down first and listen to me?” Mahinahon ang tinig nito nang sabihin iyon.

“No!” tutol niya. “We’ll talk kahit nakatayo ako!”

“Okay, suit yourself.” Gilbert shrugged at lumakad papasok sa living room ng malaking bahay saka sumandal sa mataas na counter ng minibar nito.

Huminga nang malalim si Xinia. Nagpupuyos ang kalooban niya at lalo lang nadadagdagan ang kanyang galit sa nakitang pagiging relaxed ng lalaki. Mabilis ang mga hakbang na sumunod siya rito. “Hindi ko naisip na maaari mong i-demand na magpakasal ako sa iyo kapalit ng lupain namin.”

He stared at her. “It’s no longer your home, Xinia. I paid off the debt and own the ranch and the house that sit on it, free and clear. Plus the fact that I’m going to write-off as well whatever debts you had with my grandfather.”

Napailing siya. “Hindi ko maintindihan kung bakit mo ito ginagawa. We don’t know each other.”

“I am a businessman, Xinia, and I can see opportunity with that land.”

“Wala kang mapapala sa lupain namin, hindi naman gan’on kalaki ang kikitain mo doon. Sapat lang iyon para mamuhay kami nang disente ng pamilya ko. Hindi ko maintindihan kung bakit interesado ka pa d’on. Your grandfather left you well-off. Why do

you need my home?” she practically screamed.

He shifted forward. “I have come to want something that my money cannot buy me, Xinia.”

Napailing ang dalaga sa sinasabi nito. “Pero bakit ako? Bakit ang lupain namin?”

Hindi nito pinansin ang mga tanong niya. “Alam kong gagawin mo ang lahat para sa pamilya mo. Kaya alam kong papayag ka na magpakasal sa akin.”

“*Hindi* ako magpapakasal sa iyo! *Hindi* iyon mangyayari! I can’t marry a devil like you!”

He smirked. “If you want to save your home from this *devil*, then you’re going to have to tie yourself to the beast.”

Pakiramdam ni Xinia ay maaari siyang makapatay ng tao anumang sandali. Parang masama lang itong panaginip at gusto na niyang gumising. It was a dream wrapped in a nightmare. Isa itong panaginip dahil sa wakas ay malaya na sila sa anumang pagkakautang nila, ngunit isa rin iyong bangungot dahil nangangahulugan iyon ng pagpapakasal niya sa lalaking ito.

“This is a big joke, right?”

Slowly, he shook his head. “No, Xinia, this is no

joke. Become my wife or I take your land, your home, and remove your family from the property. Choose now because once you leave this place, there is no turning back.”

“I can’t marry you, no matter what you say. Gugustuhin mo bang matali sa isang kasal na walang pagmamahal?”

“Yes, Xinia. A marriage for convenience. I want you and I intend to get whatever I want. Sa parte mo naman ay mababayaran mo ang lahat ng pagkakautang ng pamilya mo sa akin at maipapakita mo pa sa dati mong boyfriend na nagkamali siya sa pag-iwan niya sa iyo.” he said cruelly.

Lito siyang napatitig dito, hindi niya akalaing alam ni Gilbert ang tungkol sa nakaraan niya. Dalawang buwan pa lang ang nakakalipas simula nang umuwi siya bago mag-fiesta at makita niya ito sa bahay nila. Pagkatapos nga niyon ay hindi na muli pang nagtagpo ang mga landas nila. Kaya laking pagtataka ni Xinia nang sabihin nga ng mga magulang na magpapakasal sila ng lalaking ito. Naramdaman niya ang sakit na pilit niyang ibinabaon sa kailaliman ng puso nang mabanggit ang lalaking minamahal.

“Yes, Xinia. I know what happened.”

Hindi niya alam ang sasabihin. Hindi niya naisip na maaaring may alam ito sa personal niyang buhay na animo ay kilalang-kilala siya. Hindi niya malaman kung kanino nito naitanong ang tungkol sa dahilan ng paghihiwalay nila ni James lalo na at hindi naman niya sinabi sa mga magulang ang tungkol doon.

“So, Xinia, make a decision now. I don’t have all day.”

Humakbang siya palayo. “Please, huwag ako, Mr. Enriquez. Maraming babae diyan na matutuwa sa kaya mong ibigay pero hindi ako.”

“But it’s *you* that I want!” Bahagyang tumaas ang boses ni Gilbert. “You’ll be my wife, no matter what!”

“I don’t love you!” sigaw ng dalaga. “Please, Mr. Enriquez, listen to me. Don’t do this. Iba na lang, please,” muli niyang pakiusap.

“No, Xinia, it’s settled. Nag-usap na kami ng mga magulang mo. The wedding will take place in two weeks. I also believe that this conversation is over. Kung wala ka nang sasabihin pa, then you can go. Ihahatid na kita,” pinal na pahayag nito.

Puno ng galit at pagkasuklam na tumitig siya sa kausap. “I hate you, Gilbert Enriquez! Pagsisisihan mo ang manipulasyong ginawa mo sa buhay ko. I’ll



*You Belong To Me - Alesia Marquez*

---

make your life harder each and everyday. I'll make you pay dearly for what you have done. Kahit kailan, isinusumpa ko, hinding-hindi mo maaangkin ang puso ko!" Saka siya nagtatakbo palabas.

Huminto siya sa pagtakbo nang makalabas ng mansion ng mga Enriquez. Wala na rin siyang pakialam kung pinagtitinginan na siya ng mga tauhan doon. Nanghihinang umupo si Xinia sa semento at doon nag-iiyak. Hindi na niya alam kung ano ang iisipin.

## 2

Maingat na binuksan ni Xinia ang old-fashioned wood door at hindi man lang iyon umingit para i-announce ang pagdating niya. Stepping inside, she just saw the comfy house where she grew up, the only home she had ever known. The hallway had frames of various family members hanging on every inch of the walls, covering the eggshell white paint with big toothy grins and pleasant faces. The thick homemade woven, cloth rugs hid the wooden floors and cushioned her feet and softened her step.

Overstuffed pillows and sofas in front of the big screen TV, her father's pride and joy, gave the family room the same homey, comfortable feeling that just begged someone to come in, sit back and kick up their feet after a hard day's work. Ang kusina naman ang teritoryo ng ina at tiyak niyang sa mga oras na iyon ay naroroon ito.

Napalington ang dalaga nang makita niya ang ginang na palabas ng kusina.

“Xinia!” Mabilis itong lumapit sa anak. “Saan ka nanggaling?”

“Naglakad-lakad lang po ako.”

Nakakaunawang tumango si Mercedes. “Nauunawaan ko, anak. Pero katulad ng sinabi namin sa iyo ng papa mo ay wala na kaming magagawa. Patawarin mo kami sa napakalaking sakripisyo na hinihingi namin sa iyo. Hindi naman namin ito gagawin kung alam naming mapapasama ka sa kanya. Nangako si Gilbert na aalagaan ka niya.” Nakikiusap ang tinig nito habang sinasabi iyon.

Matipid siyang ngumiti. “Huwag n’yo na hong intindihin iyon. Pumapayag na ho ako.”

Bumalatay ang katuwaan sa mukha nito at mahigpit siyang niyakap. “Maraming-maraming salamat, anak!”

Hindi siya sumagot at yumakap lang din sa ina. Gagawin niya ito dahil hindi niya gugustuhing magdusa ang mga magulang. Minahal siya ng mga ito at inalagaan sa loob ng dalawampu’t apat na taon, pero ni minsan ay hindi humiling ang mga ito ng kung anuman sa kanya. Iniisip niya rin ang magiging kinabukasan ng mga kapatid na kambal na sina Catherine Anne at Catherine Mae na kapwa nag-aaral pa at magkokolehiyo na, kaya mahihirapan sila kung patuloy silang mababaon sa pagkakautang.

Ngayon ay sisikapin niyang maging mabuting anak at sundin ang kagustuhan ng mga ito. Matatanda na sina Mercedes at Gener at hindi na rin siguro pinalampas ng mga ito ang pagkakataong makapag-asawa siya ng mayaman. It was the most practical thing to do.

Ang pakiramdam lang ni Xinia ay parang ipinagbili siya ng mga magulang sa lalaking ito. But she loves her family too much that she could sacrifice even her own happiness.

---

“Congrats!” Isa-isang nagsilapitan sa kanila ang piling mga panauhing sumaksi sa kasalang iyon. Ang judge na nagkasal sa kanila, ang pamilya niya at si Aldrin Samonte na matalik na kaibigan ni Gilbert. Ginanap ang simpleng kasal na iyon sa hardin ng mansion ng mga Enriquez. Xinia had managed to smile. No one knew about the conflict between her and the man she just married. Kahit si Aldrin ay walang alam sa history ng kasalan na iyon.

“What a lovely bride you have here, pare.” Nakangiti pati ang tsinitong mga mata ng lalaki. He gave her a kiss on her cheek. “Sa wakas ay may nakasilo na rin sa kaibigan kong ito. Ba’t parang masyado yata kayong nagmadali?”

“Thank you, Aldrin,” ani Xinia at humilig sa balikat ng asawa. “My husband is in hurry. Ayaw na niyang magkahiwalay pa kami. Di ba, love?” Nakangiting tiningala niya si Gilbert. Nakita niya ang dumaang pagkagulat sa mga mata nito na hindi nakita ni Aldrin dahil bahagyang nakayuko sa kanya ang asawa. Hinapit naman siya nito at lumingon sa kaibigan.

“Kaya, pare, you should also start looking one for you,” he said.

“Nah! I don’t want to end my life just yet. Sakit lang ng ulo ang mga babae.” Tumatawa itong umiling-iling.

Nakitawa ang bride sa dalawang lalaki. Tinanggap niya ang iba pang congratulatory remarks ng iba pang sumaksi sa kasalang iyon.

Makaraan ang ilang oras pagkatapos ng simpleng kasalang iyon...

“Let go of me!” Ipiniksi ni Xinia ang braso nito mula sa kanyang balikat at maliksing lumayo. Pagkatapos ng salu-salo ay isa-isang nag-alisan ang mga taong dumalo sa kasal nila. Naiwan silang dalawa upang maghanda sa gagawin nilang pagbabalik sa Manila ngayon ding araw na ito.

Kumunot ang noo ni Gilbert sa nakikitang parang napaso at nandiri siya sa hawak nito.

“It’s all an act, Gilbert. You should not forget that. Ngayon na wala nang tao ay hindi na natin kailangang magpanggap,” malamig niyang sagot sa pagtatanong sa mga mata nito.

“For you but not for me, Xinia!”

“Then I don’t care.” She pulled back and walked away. Gusto na niyang bumalik sa Manila. Doon ay hindi nila kailangang magpanggap.

“Damn you, Xinia!” galit na habol nito sa babae. Hinila siya nito sa braso at walang babalang inangkin ang kanyang mga labi. He kissed her roughly.

Itinulak niya palayo ang lalaki, pero parang bakal ang pagkakapulupot ng mga braso nito sa kanyang katawan. She closed her eyes... not now, please. Because, here it was again. The same confusing feeling everytime that he would touch her. She felt it the very first time she felt his hand on her skin. Ito ay noong kuhanin nito ang kamay niya mula sa kanyang papa, pati nang igiya siya nito palapit sa makeshift altar, then the brief wedding kiss to seal their marriage and his arm that was draped on her shoulders during the entire duration of the wedding

reception. She didn't want this feeling. They were just physical. And she shouldn't feel that to an enemy.

Nang makakuha siya ng pagkakataon, kinagat niya ang labi ng lalaki. Automatic naman itong napabitiw sa kanya.

“Ouch!” Napahawak ito sa labing nagdurugo.

Nang-iinsultong ngumiti si Xinia sa asawa saka walang lingon-likod na iniwan ito.

Gilbert muttered a few dirty words before following his wife.

---

Sa nagdaang mga araw ay para silang estranghero sa isa't isa. Hangga't maaari ay iniiwasan nilang mag-usap dahil lagi na ay sa pag-aaway lang ang kinahihinatnan ng mga pag-uusap na iyon. Napapikit si Xinia nang maalala ang unang gabing magkasama sila sa iisang bubong. Ipinagpapasalamat niyang may extra na kuwarto ang lalaki at doon siya natulog. Wala naman siyang narinig na anumang pagtutol mula sa asawa at iginalang nito ang desisyon niya.

Pero ang hindi niya maintindihan ay kung bakit hinahanap niya si Gilbert sa mga araw na hindi niya ito nakikita at nasasabik siyang makipag-usap dito

kahit pa sa pag-aaway lang iyon nauuwi. Hindi rin matanggap ni Xinia sa sarili na sa kabila ng galit niya sa asawa ay may isang damdamin itong binubuhay sa kanya.

She didn't want him from the start. May iba siyang mahal, hindi ba? Si James Madrid. Si James na first love at first boyfriend niya. They met through a common acquaintance, became friends and then they became a couple. She loved him and hoped that he would be the one who would become her lifetime partner. But after eight months in the relationship, she found out about Glenda. Buntis ito at kailangang pakasalan ni James. Naisip niya noon na marahil ay may naging pagkukulang siya dahil hindi niya maibigay ang isang bagay na naibigay ni Glenda rito.

She thought that she'd die then but she was able to move on with her life. Isang taon na rin mula noong naghiwalay sila ng dating nobyo, pero hindi niya kailanman naisip na makikilala niya si Gilbert at mararamdaman niya ang mga conflicting emotions na ito. She never did feel so vulnerable with any man, even with James. She didn't want to build a fantasy on the broken wings of something that wasn't meant to take flight.

To be in love was to surrender her trust, her



entire self. Pero hindi niya sigurado kung kaya niyang ibigay ang bagay na iyon sa lalaking pinakasalan niya. At alam ni Xinia na malayo sa pagmamahal ang kung anumang nararamdaman niya ngayon.

Madalas ay buong maghapon at magdamag siyang naghihintay, pero walang Gilbert na dumadating sa bahay nila. Hindi man niya gusto ay hindi niya maiwasang mag-alala para rito. Ang huling naging dahilan ng pag-aaway nila ay minsang ipagkait niya rito ang obligasyon niya bilang asawa. Galit na galit si Gilbert at hindi niya ito muli masisisi dahil may karapatan na ito sa kanyang katawan.

But she was not yet ready to cross that line yet. Ayaw niyang maging alipin ang katawan niya ng isang damdaming ngayon niya lang naramdaman sa buong buhay niya. It was desire and lust, she's desiring and lusting after her husband. A potent combination that she shouldn't feel toward him, of all people.

### 3

“Hi,” bati ni Xinia kay Gilbert nang bumaba ito sa sasakyan. Nagulat pa nga siya nang makatanggap ng tawag mula rito sa halos dalawang araw na hindi ito nagpakita sa kanya. Sinabi nitong hintayin niya ito at susunduin siya nito sa trabaho. Hindi mapigilan ni Xinia ang pagkasabik na nararamdaman habang hinihintay ang lalaki. She hated it that she missed him so much.

“Hi yourself.” Nilingon nito ang kasama niya.

“Ah, this is Mitsy, officemate ko. Mitsy, meet Gilbert, my husband,” she proudly introduced him to her friend.

Nahalata naman iyon ng asawa. *So, she’s acting again because we have an audience.* Pilit nitong itinago ang sakit na nararamdaman. “Hello, Mitsy,” he greeted the lady and returned the smile.

“Hello din.” Nilingon nito ang kaibigan. “Xinia didn’t tell me na ang guwapo-guwapo pala ng napangasawa niya.”

Gilbert smiled sheepishly. “Well, thank you.”

Xinia couldn't help but smile. Yes, she was with a very gorgeous man. Lahat nga ng taong dumadaan lalo na ang mga babae ay hindi minsang napapaligon sa asawa niya. Lumapit siya rito at wala sa loob na ikinawit ang kamay sa isang braso nito upang ipakita sa mga ito na pag-aari niya ang lalaki. She felt childish but, nevertheless, she was so happy to see him again. Niyuko siya nito pero matamis niya lang itong nginitian. Ibinalik niya ang tingin sa kaibigan.

“We have to go, Mitsy.”

“Okay, take care.” Nakatitig pa rin ang babae kay Gilbert.

“We'll take care and stop staring at my husband, okay?” tumatawang tugon niya rito.

Tumawa rin si Mitsy at hindi pa rin inaalis ang humahangang tingin sa lalaki.

“Bye, Misty, nice meeting you,” paalam ni Gilbert bago sila sumakay ng sasakyan nito. “What do you think?” basag nito sa katahimikan habang patuloy sa pagda-drive.

“What?” Nilangon niya ito. Nang iwan nila si Mitsy ay hindi na sila nag-usap. Hindi niya kasi alam kung paano at saan magsisimula. Gusto niyang tanungin ang lalaki kung saan ito nanggaling sa mga araw at

gabing hindi ito umuwi sa bahay nila, kung sino ang kasama nito, bakit hindi ito umuwi at napakarami pang katanungan... pero hindi alam ni Xinia kung paano talaga magsisimula.

“About what your friend said back there...” Lumingon din ito sa kanya at ngumiti.

“Which one?” Tinaasan niya ito ng kilay. Ayaw niyang mapansin nito ang naging reaksyon ng puso niya sa ngiting iyon. It was as if her heart missed a beat with that gorgeous smile.

“How do you find my looks, Xinia?” seryoso nitong tanong na minsan lang ibinalik ang tingin sa kalsada bago muling lumingon sa kanya.

She couldn't help but smile. “Fishing for compliments, Gilbert?”

Hindi ito ngumiti at seryoso pa ring ibinalik ang paningin sa kalsada. “What do you think?”

Her smile widened even more. “Okay, matahimik ka lang. Mr. Gilbert Enriquez, you're the most handsome guy I've ever met in my whole life, satisfied?” *And that's the truth*, dugtong niya sa isip. She felt warm all over when she saw him smile again. Sana ay ganito na lang sila palagi at hindi nag-aaway.

“Really? You’re sure?”

“Para kang bata! Totoo po ’yun!” tukso niya at napahalakhak.

Napatawa na rin si Gilbert. He felt so light and felt so glad to hear her laugh.

Napatitig siya rito dahil sa pagtawa nito. Sa totoo lang, iyon ang kauna-unahang pagkakataong narinig niyang humalakhak ang lalaki. And try as she might, she couldn’t understand why it’s like music to her ears.

Nilingon siya ang asawa nang maging pula ang signal sa stoplight. “You’re still staring at me.”

Binawi niya ang paningin. She crossed her arms over her chest and almost turned her back on him as far as the seat would allow. Narinig niyang muling tumawa ang kausap at nilingon niya ito.

“C’mon, Xinia. Don’t be shy. Kakasabi mo lang sa akin kanina na ako ang pinakaguwapong lalaking nakilala mo sa buong buhay mo. Not my words but yours. And with that, I’m giving you all the freedom to stare.”

Inirapan niya ito. “You’re conceited, mister.”

He just chuckled. Mayamaya ay muli nitong

pinaandar ang sasakyan. “Xinia...”

“What?”

Huminga ito nang malalim at saglit na tiningnan siya bago ibinalik ang paningin sa kalsada. “Give this marriage a chance. Nangyari na ito at hindi na natin mababago. And I’ll make sure that you’ll never regret this, I’ll provide for you.”

Hindi siya kaagad nakasagot sa sincerity na naririnig niya sa boses nito. Hindi niya sigurado kung hindi nga niya pagsisisihan ang ginawang pagpapakasal sa lalaking ito dahil may isang damdamin itong ginising sa kanya na hindi niya gustong maramdaman.

“Just promise me that if I want out of this marriage, you’ll let me go.” Bahagya siyang napaatras sa nakitang galit na biglang rumehistro sa mukha nito. Akala niya ay sasaktan siya ng asawa.

“I promise,” he said then looked away as if he was lost in his own train of thoughts.

---

Habang dumaraan ang mga araw ay lalong naging malala ang kung anumang sitwasyon mayroon sila. Madalas niyang hindi makita si Gilbert. Hinihintay

niya ang pag-uwi nito, pero nakakatulugan na niya ang paghihintay sa asawa at minsan niya lang itong nararamdaman na umaalis din nang maagang-maaga.

Xinia hated to admit the nagging feeling that he had another woman. But who's to blame? Siya naman ang may kasalanan. May mga oras na gustong-gusto niya itong tawagan sa opisina nito, subalit dinadaig siya ng hiya at gusto niyang pangibabawin ang galit na nararamdaman sa asawa. Pero nahihirapan siya sa nangyayari.

Alam niyang kahit magmukmok siya at magalit sa mundo ay hindi na magbabago pa ang kung anumang nangyari. Hindi niya maintindihan, pero hindi siya papayag na lokohin ni Gilbert kung mayroon man itong babae. Nagluto siya ng tanghalian at ang hangarin ay pauwiin ito. She decided to give this marriage a chance. Gilbert was right, they were already married and she couldn't do anything about it anymore.

Kalalabas niya lang sa kuwarto nang marinig niyang may nag-doorbell. Who could be her visitor? Sumilip siya sa peephole, babae ang nakita niyang nakatayo sa labas ng pinto ng pad ni Gilbert. She opened the door and was taken aback when a gorgeous lady shove her way in.

“Wait! Who are you?” nagmamadali niyang habol dito.

“Gilbert! Gilbert!”

Hindi siya pinansin nito at dere-derechong naglakad patungo sa kuwarto nila. Mabilis siyang humarang sa daraanan nito. “Where do you think you’re going?”

Tumigil ito at tumingin sa kanya na para bang noon lang nito na-realize ang presence niya. “Where is Gilbert?” mataray na tanong nito.

Nagtaas si Xinia ng kilay. “And who are you?” Kung umasta ang babae ay parang reyna na basta na lang pumasok sa bahay niya at parang kabisadong-kabisado nito ang kabahayan. Nakaramdam siya ng pagpupuyos ng kalooban. Babae ba ito ng asawa niya? Pinagmasdan niya ito nang maigi tulad ng pagmamasid nito sa kanya. Mataas ito at mestiza, brown ang buhok nito at napakaganda. Ito ang klase ng babaeng nababagay kay Gilbert.

Monica saw a small lady, beautiful and innocent. Tumaas ang isang kilay nito. Kailan pa nagustuhan ni Gilbert ang mga babaeng tulad ng kaharap? Morena, petite and virginal. She knew that he was into very hot with voluptuous, tall and very experienced girls.



Why the change?

She shrugged her beautiful shoulders. “I’m Monica, Gilbert’s fiancée!”

Xinia didn’t budge. “That can’t be because I’m his wife!” Itinaas niya ang kaliwang kamay.

Tumambad sa paningin nito ang isang simpleng gold band—isang wedding ring iyon! “It can’t be!” she blurted out. Damn him! Halos inubos na ni Monica ang buong oras kay Gilbert at hinihintay ang lalaki na yayain itong magpakasal pero ganito lang ang ginawa rito. “You’re joking, right? He promised that he’s going to marry me!”

Hindi sumagot si Xinia. She was shocked...and hurt. Why did he marry her if he had made a promise to another?

“There has to be a mistake somewhere,” Monica added. “He must be using you to get even with me. For making him wait for my decision but that would change now, I already made up my mind; I’m accepting his wedding proposal.”

Pinigil ni Xinia ang sarili na maiyak sa harapan ng estranghera. “I’m already *his* wife!”

“Wife, eh? I’m the one he really loves. We’ve been

together for ages. We're the perfect pair."

Iniiwas ni Xinia ang tingin. Maybe this woman was right. Bigla ang naging kasalan nila at maaaring ginamit nga lang siya ni Gilbert na panakip-butas sa rejection ni Monica. She felt a searing pain deep inside her chest. Mas masakit pa noong nalaman niya na ikakasal na si James sa ibang babae. But she didn't need to be forlorn or be defeated in this woman's eyes. Pinalagpas nito si Gilbert at ngayon ay nasa kanya na ang lalaki. There's no way she going to give him up. She's the wife no matter what.

Taas-noo siyang tumingin sa kaharap. "I don't care about your past with him. I am the legal Mrs. Enriquez so if you don't have anything to say, you can just leave now."

Monica just laughed and tried to hide the surprise at the her bravado. Parang handa niyang ipaglaban si Gilbert. But of course, Monica was not giving up without a fight, she had been waiting all her life to be Mrs. Gilbert Enriquez.

"I'll make you see kung sino talaga ako sa buhay ni Gilbert." Then, she stormed out of the house.

Nahahapo namang napalapit sa sofa si Xinia at naupo. Naramdaman niya ang pagtulo ng luhang

*You Belong To Me - Alesia Marquez*

---

kanina pa niya pinipigil. She couldn't give up now, would she? Ngayon pang gusto niyang bigyan ng chance ang kasal na ito. Hindi niya kilala si Monica at hindi rin niya alam kung ano ang kaya nitong gawin.

# 4

“Sandali po, Ma’am! Ayaw pong magpaistorbo ni Sir!” pigil ni Armie, ang sekretarya ni Gilbert sa babaeng dere-derechong naglalakad patungo sa opisina ng boss nito. Subalit ayaw magpapigil ni Monica at itinulak ang pinto ng silid.

Napaangat ang ulo ni Gilbert sa malakas na pagkakabukas ng pinto ng opisina niya. Nagulat siya na makita si Monica habang pinipigilan ng kanyang sekretarya.

“Gilbert, darling!” masiglang bati nito.

Nagsalubong ang makakapal niyang kilay at nilingon si Armie.

“Sir, mapilit siya, eh,” the latter explained.

Napahinga siya nang malalim; kilala ang ugali ni Monica. “It’s all right, Armie. Go take your lunch.”

Tumango ang sekretarya at iniwan na sila ng kanyang bisita.

Hinarap niya si Monica. “What are you doing here?”

Lumapit ito sa gilid niya at inabot siya. “I miss you so much, darling. Didn’t you miss me?”

Tumayo siya at lumayo rito. “Please, Monica.” Itinukod niya ang isang kamay sa desk.

Napatingin ito roon at nakita ang kaparehas na singsing na suot ng babaeng naabutan nito sa bahay niya. “So, she’s telling the truth.”

Napakunot-noo si Gilbert at hindi kaagad nag-register sa isip niya ang sinasabi ng kaharap. But panic shot his nerves when realization dawned on him. “Xinia?”

“So Xinia is the name. She’s beautiful but I know she’s not your type.”

“I’m married, Monica.”

Hostility registered in the woman’s beautiful face. “How could you? How about me?”

“You know from the start that there’s no commitment between us. I also told you that it’s over,” tinatamad niyang sagot. He didn’t lead her on. Sa umpisa pa lang ay wala na siyang ipinangako sa babae. They agreed to a sexual affair as two mature individuals. Hindi niya alam na umaasa ito ng isang bagay mula sa kanya. “What did you tell Xinia?”

“Ah, that girl.” Muli itong lumapit sa kanya at iniyapos ang mga kamay sa leeg niya. “I’ll make you forget her.” Saka siya nito hinalikan.

---

Lumabas si Xinia mula sa elevator na patungo sa opisina ng asawa. Sinabi niya sa receptionist at sa guwardya na hinahanap niya si Gilbert. Nagtaka pa nga siya nang wari ay kilala na siya ng mga ito kaya mabilis siyang pinapasok, pero ipinagkibit-balikat na lang niya iyon. Marahil ay alam sa opisina na nag-asawa na ang boss ng mga ito kahit simple lang ang naging kasalan lalo na at may suot na itong wedding ring. Tumambad sa kanya ang maluwang ding pasilyo at may glass table at leather sofas na magkaharapang nakapuwesto sa magkabilang wall.

Naglakad siya patungo sa mesa ng sekretarya ni Gilbert, pero wala siyang nadatnang tao roon. Napansin niyang pasado alas doce na at marahil ay nasa lunch break ang sinumang nakapuwesto roon. Naisip niya kung nasa loob pa ang asawa niya.

Dahan-dahan niyang itinulak ang pinto at para siyang pinagbagsakan ng langit at lupa nang tumambad sa kanyang mga mata ang eksenang naroroon. She saw her own husband locking lips with the same woman that threatened her hours ago that

she was going to get Gilbert back. Maingat niyang isinarado muli ang pinto at nagmamadaling umalis sa lugar na iyon. Naramdaman niya ang tuloy-tuloy na pag-agos ng luha. She wiped her tears so she wouldn't attract attention.

But try as she might, she couldn't stop the tears from flowing down her cheeks. Mas marami pa sa luhang iniyak niya noong ikinasal si James sa ibang babae. Ngayon ay nauunawaan na ni Xinia ang kanyang pagkalito.

Kinain niya ang sinabi niyang hindi niya kailanman mamahalin si Gilbert. Now she was undeniably deeply in love with him. Mas malalim at mas matindi kaysa sa pag-ibig na naramdaman niya noon para kay James. Hindi niya alam kung paano at kung kailan nagsimula dahil wala namang dahilan para mahalin niya ito. Pinilit lang siya nitong pumasok sa isang kasal na walang halong pagmamahal at hindi ba na sumumpa siyang hindi ito kailanman mamahalin? Bakit ito pa rin ang nararamdaman niya?

She was right all along that she'd feel greater pain if she would allow herself to love him. Hindi niya namalayang napalitan na ng pagmamahal ang galit na nararamdaman niya rito. Pero mayroon pala talagang isang babae na totoong nagmamay-ari rito.

But now, they're already trapped in this marriage.

Ilang oras matapos niyang masaksihan ang eksenang iyon ay nakatanggap si Xinia ng tawag mula sa asawa.

“May party tayong dadaluhan mamayang gabi kaya maghanda ka. Someone will fetch you there at exactly seven tonight,” walang emosyong sabi nito sa kabilang linya.

“Gilbert...” She tried to hide the anticipation in her voice with the thought that she would be with him tonight.

“What?” he snapped.

“I... Uhm... nothing, ’bye.” *I love you*, she silently said upon hearing the click on the other line. Wala pa siyang lakas ng loob na sabihin iyon sa lalaki lalo na sa estado ng magulo nilang pagsasama ngayon. Nang mahimasmasan siya sa pag-iyak ay nagpasya siyang umuwi sa bahay at doon hintayin si Gilbert. Gusto niyang kausapin ito tungkol sa nakita niya sa opisina nito, pero alam niyang hindi siya papayag na piliin nito si Monica kaysa sa kanya.

Pero hindi ito dumating, sa halip ay tinawagan siya nito ngayon. At ikinasisiya niya na siya ang gusto nitong makasama sa kung saang party at hindi si



Monica.

---

Gilbert caught his breath upon seeing Xinia standing outside the car.

“Hi...” She greeted him and was momentarily speechless. Her husband looked so magnificent with the black coat and tie that he was wearing. She wanted to weep with the realization that he belonged to her.

“Hi yourself.” Lumapit ito sa kanya. Hell, his wife was so beautiful!

Alanganing muling ngumiti si Xinia. Seryoso lang ang mukha ng lalaki at hindi niya makitang na-a-appreciate nito ang effort niyang magpaganda nang sobra ngayong gabi na ito. Ngayong alam na niya at sigurado siya sa sariling mahal niya ang asawa ay lalo niyang bibigyan ng chance ang kanilang pagsasama. Tulad ng lagi nitong sinasabi sa kanya na parehas na silang nakatali sa kasal na ito, then she would never allow Monica or any other woman to get what belonged to her.

She gathered all her courage and love for him and smiled sweetly. “Aren’t we going inside?”

“Yes, of course.” Hinawakan nito ang kanyang kamay at iginiya siya papasok sa lugar ng pagtitipon. He was mesmerized by her beauty so he was rendered speechless. She was wearing a short, slinky white dress and she looked extremely good in it. The top was an empire waistline, and the rest was pretty floaty and free, the hem longer on either side than it was in the middle. The shoulders and back were only thin, criss-crossing spaghetti straps. On her dainty feet was a pair of silver stilettos. He couldn’t help but watch the way her hair curled around her shoulders. And he was itching to touch those silky strands and wound them in his fingers.

Nang pumasok sila sa venue ng party, maraming panauhing napatingin sa gawi nila. Nakaramdam ng pride sa sarili si Gilbert dahil ito ang escort ng pinakamagandang babae sa gathering na iyon. Hinapit siya nito palapit at nginitian ang mga tao. Bahagya itong yumuko sa kanya.

“People are thinking that I’m the luckiest man alive for having you at my side,” bulong ng mister niya sa tainga niya.

She looked at him and smiled sweetly. She was so pleased that he appreciated how she looked tonight. She leaned more closely to him and it made her feel

incredibly warm inside. They walked around and he made some introductions.

“So, there’s really a Mrs. Enriquez. We thought that you are just making her up to push away some unwanted woman. But my, your wife is so beautiful! I guess you also have a reason to hide her. A lot of men would want her,” papuri ng isang business associate sa kanyang asawa.

She just smiled and said her brief ‘thank you.’

Mahigpit siyang hinapit ni Gilbert. “That’s why I’m telling the whole world that she’s mine.” Nagtawanan ang iba pang nakikinig sa usapan na iyon.

---

Hindi naman talaga sila sumasayaw. Nakatayo lamang sila sa gitna ng dance floor; magkadikit na magkadikit ang mga katawan nila. Nakayapos ang mga braso ni Gilbert sa baywang ng asawa samantalang nakaikot sa leeg nito ang mga braso niya. They were just staring deeply at each other’s eyes and lost in their own world.

“Xinia...” he whispered before he claimed her lips in a very soft kiss.

She instantly moaned when she felt his lips against hers. She had been waiting for this the whole night. She promised herself that this would be the night—they would finally have their honeymoon. Gusto niyang lumalim pa ang halik, ngunit lumayo na si Gilbert. Inilapit ni Xinia muli ang sarili rito na kahit hangin ay hindi makakadaan sa pagitan nila at masuyong hinalikan niya ang dibdib nito. She heard him catch his breath.

Gilbert didn't understand what's happening. Hindi nito alam kung umaarte na naman ang asawa dahil maraming tao ang nasa paligid. "Xinia..." he called her name to make her stop kissing his chest.

"Hmm..." She looked up at him, grinning contentedly.

"What are you doing?" he hissed.

Hindi sumagot ang babae, sa halip ay tumiyad upang halikan siya sa gilid ng labi. She loved kissing him, she loved him—gusto niyang sumigaw sa nararamdamang kaligayahan.

Bahagyang inilayo ni Gilbert ang asawa mula sa pagkakadikit sa katawan nito. "Stop teasing me or you'll pay dearly."

She smiled when she saw the strain on his face.

She loved teasing him. She tiptoed again and pressed her breasts against his chest. She heard him moan harshly.

“Damn you!” Bigla siya nitong hinila palayo sa dance floor.

“Wait, Gilbert!” Xinia protested, laughing. She must be really crazy for teasing him in front of many people. But she wanted him so much and she didn’t care who were watching. Tatal kasal na sila at walang masama sa kanilang ginagawa. Nais na rin niyang maging ganap na Mrs. Gilbert Enriquez, to belong to him completely—body and soul. After all, they’re married for almost two months now and it’s time for them to consummate their marriage.

Gilbert abruptly halted when they reached the secluded part of the place. Bigla niyang binitawan ang asawa. Napahawak siya sa noo. He didn’t know why Xinia was teasing him and it was pure hell. Nararamdaman niya ang excitement sa buo niyang katawan at ang pag-respond ng isang bahagi niyon. Nilingon niya ang babaeng napahawak sa poste nang bitiwang niya.

“Now, dear wife, we have no audience anymore but you will pay dearly for pretending back there.”

“I’m not preten—” Naputol sa bibig ng lalaki ang anumang sasabihin ni Xinia. Kinuyumos siya nito ng halik—bruising, hard and savage. But she was not deterred. She kissed him with equal ardor. She felt him stiffen and then his kisses changed, it became tender and mild. He stopped kissing her and breathed some air.

She was equally short of breath, but it didn’t stop her from unbuttoning his shirt beneath his coat. She badly needed to touch him. She giggled softly when she felt the skin of his massive hard chest beneath her fingers. Her hand rested on his bare chest and she could feel the thud of his heart leaping furiously. It was a powerful feeling knowing that she was really capable of affecting him in this way.

“Xinia...” he groaned. He wasn’t able to pull back any longer and his hands also started to do their own exploration. He traced a pathway from the edge of her jaw, down her neck until he reached the swell of her breasts. She felt the breath catch in her chest as he slowly brushed across her taut crown. The sensation he invoked was exquisite and she gasped out loud, momentarily closing her eyes.

She moaned helplessly. She had never experienced anything as intense as this.

“Xinia, love...” he whispered and pushed the thin straps of her top down her arms, revealing two perfect breasts. His eyes gleamed with desire. The moon illuminated the glorious body in his arms. He started to cup her breasts with both hands and played with them using his thumbs.

“Oh, Gilbert...” she cried in pleasure.

Her husband groaned in frustration. He immediately stopped devouring her. He straightened his body and reached for her. Mahigpit siya nitong niyakap at hinahapong bumulong sa balikat niya. “Sorry, wife, but this is not the place to make love. I don’t want our first time to be like this.”

She was at a loss for words. Pakiramdam niya ay bigla siyang iniwan sa kawalan. Nakaramdam siya ng galit at pagkapahiya for acting so bold earlier. Itinulak niya ito at tumalikod. She tried desperately to pull herself together.

Napahawak sa ulo si Gilbert. He knew what she was feeling because he was also feeling the frustration, but it’s not the place to consummate their marriage. He reached for her and tried to console her. He embraced her but he heard her muffled cries. “Hush, baby. I’m sorry but it’s not also easy for me to stop but we really can’t do it here.” Iniikot nito ang

asawa paharap dito at itinaas ang kanyang mukha. His chest wanted to burst out when he saw the tears in her beautiful eyes. “Xinia, baby...”

Hindi siya kumibo at sumubsob lang sa dibdib ng asawa. If there was any consolation of the bereft feeling she have right now, she was also seeing that in his face.

“Let’s go home...” bulong nito at inalalayan na siya palakad.

---

“Hi, there! Where have you been?” salubong sa kanila ng sponsor ng party na si Alfonso Aguilar.

“We just toured around your house, right, Xinia?” Niyuko siya ni Gilbert at ngumiti sa kanya.

She blushed but managed to smile back. Then she lowered her head and tried to hide her wider smile. Gusto na niyang hilahin ang asawa para makauwi na sila. “We’re leaving!” she announced abruptly. Hinila niya ang kamay ng lalaki na nakahawak sa kamay niya, silently indulging him to say so.

Nanunukso ang ngiting iginawad nito sa kanya. Nababasa nito ang laman ng kanyang utak. He could feel a part of him turning rock hard just thinking of



continuing what had happened earlier. “Yeah, we need to go and I’m also looking for you to say goodbye even though this is a wonderful party.”

Alfonso smiled. “I have to delay you for a couple of minutes, there’s someone I want you to meet.”

“Really? Who?” Pinilit ni Gilbert na magmukhang interesado kahit ang totoo ay gusto na nitong umuwi at makasiping ang asawa.

Maging si Xinia ay nakadama rin ng disappointment, ngunit pinilit niyang itago iyon. After all, Alfonso was still the host of this party.

“Sige, sandali lang.” Tumalikod ang lalaki paalis.

Nagkibit-balikat si Gilbert at niyuko ang asawa. “Sorry for the delay, wife.”

She smiled shyly and felt so good everytime he would call her that endearment. Wala sa sariling tumunganga siya rito.

“Tsk, tsk!” Umiling-iling si Gilbert at hinawakan ang baba niya. “Don’t look at me that way. You’re making this so hard for me.”

“Then, let’s go home!” she blurted out boldly.

“Oh, Xinia, love!” he moaned and pressed her

*You Belong To Me - Alesia Marquez*

---

closer to him.

“Hey, you two love birds there!” Alfonso interrupted.